MGA SUPORTANG PANTURO
PANGKALAHATANG-IDEYA

Kailangan ng panahon para ayusin at planuhin ang makabuluhang karanasan para sa mga bata. Ang pagsasama ng Mga Suportang Panturo ng POLL sa iyong pang-araw-araw na gawain ay nagsisimula sa pagtukoy sa mga interes ng mga batang nasa iyong pangangalaga. Kung gumagamit ka man ng programmatic guide o bumuo ng sarili mo batay sa mga tema at konsepto, ang Mga Suportang Panturo ng POLL ay magpapahusay sa paraan ng iyong pagsuporta sa pagkatuto at paggamit ng wika ng iyong mga multilingual na mag-aaral.

ESTRATEHIYA NG POLL:

Ang Mga Suportang Panturo ay ang pangunahing bahagi ng mga pamamaraan ng pagtuturo na nagpo-promote ng mga kakayahan wikang pasalita, kaalaman sa mga konsepto, at social-emotional development ng mga mag-aaral ng dalawang wika.

KASAMA SA MGA SUPORTANG PANTURO ANG:

- Mga Anchor Text at Experience
- Vocabulary Imprinting
- Mga Intensiyonal na Mensahe
- Mga Awit at Kanta
- Mga Pinalawak na Aktibidad

Kapag ginamit nang paulit-ulit sa isang pinagsamang paraan sa buong araw, ang Mga Suportang Panturo na ito ay magbibigay ng maraming pagkakataon para sa mga bata na makabuo ng kahulugan at koneksyon, at makapagsanay ng parehong sariling wika at Ingles.

MGA ISASAALANG-ALANG SA PAGDISENYO NG IYONG MGA SUPORTANG PANTURO PARA SA MGA MULTILINGUAL NA MAG-AARAL

- Kapag ginagamit ang mga elementong panturo ng POLL, maging intensiyonal kung paano at kailan ito isasama.
  - » Maaaring gamitin ang mga kanta na may kumpas at galaw sa oras ng paglipat tulad ng paglilinis at paghahanda para sa pagkain.
  - » Ang pagsasangkot ng mga suportang ito sa lahat ng pang-araw-araw na gawain ay magbibigay ng mga pagkakataon para masimulang gamitin ng mga bata ang mga salitang ito sa kanilang pang-araw-araw na usapan.
- Sa pagpaplano, lumikha ng oras at espasyo sa buong araw para makapagsanay ang mga bata ng wika at bagong bokabularyo.
  - » Gampanan ang papel bilang facilitator at tagamasid habang nakikilahok ang mga bata sa maliliit na grupo. Maaaring gawin ito sa itinakdang center time, paglalaro sa labas, at/o mga proyektong pagtutulungan.
  - » Suportahan ang pag-uusap sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga open-ended na tanong na magpapalawak ng wika habang lumilipat ka mula sa isang bata tungo sa isa pang bata at mula sa isang gawain tungo sa isa pang gawain.
  - » Maging masusing tagamasid ng mga bata sa buong araw. Itala ang mga kakayahan ng mag-aaral at pati na rin ang mga hamon at gamitin ang iyong obserbasyon para makatulong sa pagtatakda ng layunin at pagbabago sa pagtuturo.

MGA MAPAGKUKUNAN:

Para matuto nang higit pa tungkol sa Mga Suportang Panturo, tingnan ang seksyong Mga Suportang Panturo sa **https://www.pollstrategies.org**